

WORD

³⁸Sumagot si Pedro sa kanila, “Magsisi ang bawat isa sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, at mapapatawad ang inyong mga kasalanan at matatanggap ninyo ang regalo ng Diyos na walang iba kundi ang Banal na Espiritu . . .” ⁴¹Marami ang naniwala sa kanyang mensahe at nagpabautismo agad sila. Nang araw na iyon, mga 3,000 tao ang nadagdag sa mga mananampalataya. **MGA GAWA 2:38,41**

Ang mga apostol at tagasunod ni Jesus ay nangaral ng ebanghelyo sa kauna-unahang pagkakataon sa mga Hudyong nagtipon-tipon sa Jerusalem noong Pentecostes. Sinabihan sila ni Pedro na *magsisi at magpabautismo* bilang pagpapakita sa publiko ng kanilang desisyon na sumunod kay Jesus. Noong araw na iyon, 3,000 na mga Hudyo ang nadagdag sa mga disipulo (na tinatayang may bilang na 120), at natatag ang pinakaunang komunidad ng iglesya. Ating titignan ang tatlong mga katangian na nagbigay kahulugan sa komunidad, na maaari rin nating magamit sa kasalukuyang panahon.

1 Pakikibahagi ng Pananampalataya

⁴²Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin. ⁴³Maraming himala at kamangha-manghang ginawa ang Diyos sa pamamagitan ng mga apostol. Kaya namuhay ang mga tao nang may paggalang at takot sa Diyos. **MGA GAWA 2:42,43**

Ayon sa aklat ng Mga Gawa na ang unang iglesya ay *naging masigasig sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol*. Dahil 120 disipulo lamang ang magtuturo sa 3,000 na bagong mga mananampalataya, kinailangan nilang magtipon-tipon upang pakinggan ang mga katuruan tungkol kay Jesus. Ang mga bagong mananampalataya ay nagsimulang makibahagi sa mga gawaing nagpapakita ng kanilang pananampalataya gaya ng *The Lord's Supper* o komunyon. Ang pakikibahagi ng kanilang pananampalataya ay nagbunga ng pagbabahagi ng kanilang mga buhay. Ano ang ibig sabihin ng pagiging “masigasig” sa isang bagay? Paano mo natutunang maging masigasig sa Salita?

2 Pakikibahagi ng Buhay

⁴⁴Maganda ang pagsasamahan ng mga mananampalataya, at pinag-isa nila ang kanilang mga ari-arian para makabahagi ang lahat. ⁴⁵Ipinagbili nila ang kanilang mga lupa at mga ari-arian, at ang pera'y ipinamahagi nila sa kanilang mga kasama ayon sa pangangailangan ng bawat isa.

⁴⁶Araw-araw, nagtitipon sila sa templo at naghahati-hati ng tinapay sa kanilang mga bahay. . . . **MGA GAWA 2:44-46**

Ang bago nilang pananampalataya ang nagdala sa kanila sa iisang komunidad. *Pinag-isa at ipinagbili nila maging ang kanilang mga ari-arian para makapagbahagi* sa mga kasama nilang nangangailangan. Nagpupunta sila sa templo at nagsasalu-salo. Ito ang dapat na anyo ng komunidad ng ating iglesya. Dapat ay ibinabahagi natin ang ating buhay sa pamamagitan ng pagiging mapagbigay, pagpapakita ng kabutihan, at pakikihalubilo sa mga kasama natin sa iglesya. Paano mo natutunang pahalagahan ang iglesya at maibahagi ang iyong buhay sa iba?

3 Pakikibahagi sa Misyon

. . . *at palagi silang nagpupuri sa Diyos. Nagustuhan sila ng lahat ng tao. Araw-araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga taong kanyang inililigtas.* **MGA GAWA 2:47**

Ang 50,000 na naninirahan sa Jerusalem ay tiyak na mapapansin ang 3,000 na miyembro ng komunidad na biglang umusbong sa loob lamang ng magdamag. Ang una nilang makikita ay kung paano nila ibinahagi ang kanilang pananampalataya at buhay sa isa't-isa. Ginamit ng Diyos ang unang iglesya upang baguhin ang puso ng mga nakasaksi sa kanila, at idinagdag Niya sa kanila araw-araw ang bilang ng mga naliligtas. Nagbigay ito sa komunidad ng isang misyon. Ang dahilan ng kanilang pagsasama-sama ay ang pagbabahagi sa mga tao tungkol kay Jesus at pagdisipulo sa kanila. Ano ang misyon ng iglesya at ano ang bahagi natin dito?

APPLICATION

- Ano ang pagkakaunawa mo sa iglesia at paano ito naiiba sa sinasabi ng Bibliya tungkol dito? Ano ang isang bagay na natutunan mo ngayon at paano mo ito maisasapamuhay?
- Bahagi ka ba ng isang komunidad ng iglesia na maaaring magamit ni Cristo upang akayin ang iba patungo sa Kanya at mabago ang kanilang buhay? Ano ang maaari mong gawin para lumago sa iyong pananampalataya kasama ang iba pang mananampalataya?
- Sino sa iyong pamilya at mga kaibigan ang hindi pa bahagi ng isang komunidad ng iglesia? Ano ang maaari mong gawin upang imbitahan sila na maging bahagi ng komunidad na ito ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa iyong *Victory group* at sa mga tao na kabilang sa komunidad ng iglesia na kinabibilangan mo, na handang mamuhay kasama mo nang may sigasig sa Salita ng Diyos at sa pakikipag-ugnayan sa isat'-isa.
- Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon upang maging mapagbigay, makapagpakita ng kabaitan, at makipagsalu-salo sa iyong pamilya at mga kaibigan sa iglesia.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon ngayong linggo na maakay sa komunidad ng iglesia ang iyong pamilya at mga kaibigang hindi pa nakaririnig at nakauunawa sa ebanghelyo.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph